Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang – 6 FILIPINO Aralin 4

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Maribel M. Lim |
| **Illustrator:** | Maribel M. Lim |
| **Layout Artist:** | Mr. Valentin C. Sagun, Jr. |
| **Content Editor:** | Dr. Robert B. Lacayanga |
| **Language Editor:** | Mr. Werlito C. Batinga |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Romela M. Cruz, SDS SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Alyn G. Mendoza, CID Chief SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Mr. Werlito C. Batinga SDO EPS, Filipino MTB-MLE – Mandaluyong City<br>Dr. Ruby E. Baniqued, LR EPS SDO-Mandaluyong City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Dorothy Grace I. Reyes, PDOII SDO-Mandaluyong City<br>Mr. Calixto N. Camangeg, Librarian II SDO-Mandaluyong |


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**


**ARALIN 4:** ANG PAHAYAG: OPINYON O KATOTOHANAN

**INAASAHAN:**

1. Nakabubuo ng mga bagong salita gamit ang panlapi at salitang-ugat (F6PT-IIIj-15)
2. Nasusuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan. (F6PB-IIIj-19)

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Magbigay ng mga salitang may kaugnayan sa salitang nasa loob ng bilog.




## BALIK-TANAW

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang pangatnig sa pangungusap.

1. Maaga akong matutulog mamayang gabi upang maaga din akong gigising.
2. Dadalo ka ba sa kaarawan niya o ipadadala mo na lamang ang iyong regalo?
3. Inaalagaan ko ang bunso kong kapatid habang si nanay ay nagluluto.
4. Nais ni Mila na sumama sa palengke subalit masama ang kanyang pakiramdam.
5. Nagkaroon ng munting salusalo dahil nanalo ako sa paligsahan.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

***Konsepto:***

Ang **OPINYON** ay sariling pahayag lamang. Matatawag na opinyon ang mga pahayag mula sa mga paliwanag lamang batay sa mga totoong pangyayari. Ang opinyon ay mga impormasyon na batay sa saloobin at damdamin ng tao. Nag-iiba ang mga ito sa magkakaibang pinagmumulan ng impormasyon at hindi maaaring mapatunayan kung totoo o hindi. Ginagamitan ito ng mga salita o parirala tulad ng: sa aking palagay, sa nakikita ko, sa pakiwari ko, kung ako ang tatanungin, at para sa akin.

Ang **KATOTOHANAN** ay totoong pangyayari. Ang mga pahayag na may katotohanan ay kadalasang sinusuportahan ng pinagkunan. Ang katotohanan ay mga impormasyon na maaaring mapatunayang totoo. Bihira itong magbago mula sa isang pinagmumulan ng impormasyon sa iba pa. Ginagamitan ito ng mga salita o parirala tulad ng: batay sa, resulta ng, pinatutunayan ng, pinatutunayan ni, sang-ayon sa, mula kay, at tinutukoy na.

**Salitang-ugat at Panlapi**

Ang **salitang-ugat** ay ang payak na anyo ng isang salita o pangunahing salita na nagsasaad ng buong diwa. Karaniwang dinudugtungan ito ng panlapi upang makabuo ng panibagong salita o kataga.

Halimbawa: bango, luto, sayaw

Uri ng Panlapi:

1. **Unlapi** – ikinakabit sa unahang bahagi ng salita. Ang karaniwang unlapi ay ma-, mag-, mang-, at na-.

   Halimbawa: mahusay mag-aral mangisda namangha

2. **Gitlapi** – matatagpuan sa gitna ng salitang-ugat. Ang karaniwang gitlapi sa Filipino ay _in-, at _um-.

   Halimbawa: lumakad pumunta binasa sumamba

3. **Hulapi** – matatagpuan sa hulihan ng salitang-ugat. Ang karaniwang hulapi ay -an, -han, -in, at -hin.

Halimbawa: talaan batuhan sulatin sabihin

4. **Kabilaan**- matatagpuan sa unahan at hulihan ng salitang-ugat.

Halimbawa: pinagkainan = pinag + kain + an

kapayapaan = ka + payapa + an

## GAWAIN 1

**Panuto**: Isulat sa patlang ang letrang **K** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng KATOTOHANAN at **O** kung ito ay isang OPINYON.

1. _____ Ang Sahara ay isang malaking disyerto sa Africa.
   _____ Hindi mabubuhay ang mga tao sa isang disyerto tulad ng Sahara.

2. _____ Mas mabilis ang biyahe sa eroplano kaysa sa barko.
   _____ Mas nakakatakot ang sumakay sa eroplano kaysa sa barko.

3. _____ Masaya ang magkaroon ng alagang hayop sa bahay.
   _____ Ang mga pusa at aso ay maaaring maging mga alagang hayop.

4. _____ Ang elepante ay ang pinakamalaking hayop na nakatira sa lupa.
   _____ Nakatutuwa ang hitsura ng ilong ng elepante.

5. _____ Ang asignaturang Matematika ay mahirap intindihin.
   _____ Isa ang Matematika sa mga asignatura sa elementarya.

## GAWAIN 2

**A. Panuto:** Gamitin ang tamang panlapi sa salitang-ugat upang makabuo ng wastong salitang angkop sa pangungusap.

1. Malayang nakapangingisda si Mang Igo sa kanilang (-an + isda) __________________ sa probinsiya.
2. (-in- + talo) ____________ o dinaig ng matinding pagnanasa sa kapangyarihan ang puso ng mga ahas.
3. (na- + mangha) ______________ o nagulat sila sa bagong tuklas na kapangyarihan.

4. Nang mabalitaan ng lahat ang kapangyarihan ng mga ahas ay (-um- + dagsa) ____________ o dumami nang dumami ang nagpapagamot sa kanila.

5. Hindi papayagan ng diwata na makalapit at (ma- + buhay) ______________ o tumira malapit sa mga tao ang ahas.

**B.Panuto:** Sundin ang sinasabi ng bawat bilang. Isulat ang nabuong salita sa sagutang papel.

1. Isulat ang kasingkahulugan ng salitang **matimyas** upang mangahulugang matamis ang tinig na naririnig sa umaawit.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **M** | **A** | **L** | | **M** | **Y** | | **S** |

2. Lagyan ng nawawalang mga letra ang mga kahon upang mangahulugang nais tanggalan ng hininga ang isang may buhay.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **K** | | **T** | | | **I** | **N** |

3. Ang hiyas ay maningning at makislap. Ang kislap nito ay nakasisilaw sa mata. Ano ang nawawalang limang letra.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **K** | | **M** | | **K** | | **N** | | | **G** |

4. Baliktarin ang huling pantig ng salitang **agad** upang mangahulugang gawin na pagkasabi o pagkarinig ang isang utos.


| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **D** | | **G** | | **I** | | **N** |

5. Magandang pangangatawan ng lalaki ang katumbas nito. Lakas at bukas ang katunog nito sa huling pantig.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **M** | | **T** | **I** | | **A** | |

## GAWAIN 3

**A. Panuto:** Magbigay ng tatlong pangungusap na nagpapahayag ng opinyon.




**B. Panuto:** Magbigay ng dalawang pangungusap na nagpapahayag ng katotohanan.



## GAWAIN 4

**Panuto**: Isulat sa patlang ang salitang-ugat ng bawat salita.

| SALITA | SALITANG-UGAT |
|---|---|
| 1. maalinsangan | ________________ |
| 2. kalupitan | ________________ |
| 3. banggaan | ________________ |
| 4. kalinisan | ________________ |
| 5. mahiyain | ________________ |


## TANDAAN

May mga pahayag na masasabi nating katotohanan at mayroon ding opinyon. Masasabi nating katotohanan ang pahayag kapag may batayan, ebidensiya at napatunayan ito. Samantalang, opinyon naman ang pahayag kapag ito ay haka-haka o palagay lamang at walang sapat na katibayan.

Ang **salitang-ugat** ay ang payak na anyo ng isang salita o pangunahing salita na nagsasaad ng buong diwa. Karaniwang dinudugtungan ito ng **panlapi** upang makabuo ng panibagong salita o kataga. Ang apat na uri ng panlapi ay unlapi, gitlapi, hulapi, at kabilaan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Isulat sa loob ng *graphic organizer* ang nalalaman mo tungkol sa sakit na CoViD-19.



## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**A. Panuto**: Alin-alin sa sumusunod ang pahayag na katotohanan at ang opinyon? Lagyan ng tsek (✓) ang kahong katapat ng K at O.

| K | O | |
|---|---|---|
| ☐ | ☐ | 1. Ang Bulkang Mayon ang pinakamagandang tanawin sa buong mundo. |
| ☐ | ☐ | 2. Matulog nang maaga upang hindi antukin sa klase. |
| ☐ | ☐ | 3. Mas maagang mag-aasawa ang mga panganay. |
| ☐ | ☐ | 4. Mas maraming magkakasakit ng CoViD-19 kung hindi sumusunod ang mga mamamayan sa mga protocols sa pag-iwas dito. |
| ☐ | ☐ | 5. Maraming dayuhan sa ating bansa. |

**B. Panuto:** Punan ang talahanayan ng tamang panlapi at salitang-ugat.

| SALITA | SALITANG-UGAT | PANLAPI |
|---|---|---|
| habulan | | |
| wakasan | | |
| hiramin | | |
| lumangoy | | |
| nag-aasikaso | | |

**SANGGUNIAN:**

Pinagyamang Pluma Wika at Pagbasa para sa Elementarya 6, Phoenix Publishing House, 2018
DepEd Most Essential Learning Competecies
http://hayzkul.blogspot.com/2015/09/kahulugan-ng-opinyon-at-katotohanan.html

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**

**UNANG PAGSUBOK**

Inaasahang sagot:

Katotohanan – may ebidensiya; totoo

Opinyon – saloobin; walang katibayan

**Balik-tanaw**

| | |
|---|---|
| 1. upang | 4. subalit |
| 2. o | 5. dahil |
| 3. habang | |

**Gawain 1**

| | |
|---|---|
| A. 1.K/O | 4.K/O |
| 2.K/O | 5.O/K |
| 3.O/K | |

**ASSESSMENT**

**Pag-alam sa Natutuhan**

Inaasahang sagot ng mag-aaral:

*Katotohanan*: Isang uri ng virus; nakahahawang sakit; nakamamatay na sakit.

*Opinyon*: Nagmula ang virus na ito sa paniki; kapag gumaling na mula sa CoVid-19, hindi ka na muling magkakasakit nito.

**Pangwakas na Pagsusulit**

| A. | B. |
|---|---|
| 1. O | 1. habol – -an |
| 2. K | 2. wakas - -an |
| 3. O | 3. hiram - -in |
| 4. K | 4. langoy - -um- |
| 5. K | 5. asikaso – nag- |

**ASSESSMENT**

**Gawain 2**

| A. | B. |
|---|---|
| 1. isdaan | 1. malamyas |
| 2. tinalo | 2. kitilin |
| 3. namangha | 3. kumikinang |
| 4. dumagsa | 4. daglian |
| 5. mabuhay | 5.matikas |

**Gawain 3** (Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.)

A. 1. Ang CoVid-19 ay nagmula sa mga hayop katulad ng paniki.
2. Makulimlim ang kalangitan kaya maaaring umulan.
3. Sa aking palagay, mapayapa ang iyong kaisipan kung may tiwala sa sarili.

B. 1. Malawak ang napinsala ng bagyong Auring sa Surigao.
2. Batay sa Department of Health, mas ligtas kung sa tahanan muna gaganapin ang pag-aaral imbes na sa paaralan.

**Gawain 4**

A. 1. alinsangan
2. lupit
3. bangga
4. linis
5. hiya